XX/XX/XXXX

JOHN SAMPLE
1234 SAMPLE STREET
ANYTOWN CA 90000

Minamahal na Miyembro ng Medi-Cal,

Binanggit ng nakaraang liham na simula sa **Hulyo 1, 2026**, ihihinto na ng Medi-Cal ang pagsakop ng mga serbisyo sa ngipin para sa ilan sa mga miyembrong nasa hustong gulang, maliban na lamang kung ito ay isang emergency. Ang petsa ng pagiging epektibo para sa pagbabagong ito ay ipinagpaliban hanggang sa **Hulyo 1, 2027**. Ang pagbabagong ito ay batay sa katayuan sa imigrasyon. Naaapektuhan lamang ng pagbabagong ito ang mga miyembro ng Medi-Cal na 19 na taong gulang at mas matanda pa at hindi kwalipikado para sa pederal na buong saklaw na Medi-Cal. Ang mga miyembrong apektado ng pagbabago ay hinihikayat na humingi ng kinakailangang pangangalaga sa ngipin ngayon – bago sumapit ang **Hulyo 1, 2027**.

Upang malaman kung naaangkop sa iyo ang Hulyo 1, 2027 na pagbabago, basahin ang Chart ng Katayuan ng Imigrasyon sa: **https://www.dhcs.ca.gov/Medi-Cal/Pages/immigration-status-categories.aspx**.

Mananatili sa iyo ang iyong buong saklaw na mga benepisyo sa ngipin ng Medi-Cal anuman ang iyong katayuan sa imigrasyon kung:

- Ikaw ay buntis (at hanggang isang taon pagkatapos na nagtapos ang pagbubuntis), o
- Ikaw ay wala pang 19 na taong gulang, o
- Ikaw ay wala pang 26 na taong gulang at nasa foster care noong iyong ika-18 kaarawan.

Kung hindi ka kwalipikado para sa buong saklaw ng Medi-Cal na may mga benepisyo sa ngipin, maaari kang makakuha ng mga pang-emergency na serbisyo sa ngipin.

**Ano ang mga pang-emergency na serbisyo sa ngipin?**

Ang mga pang-emergency na serbisyo sa ngipin ay mga paggamot na kinakailangan kaagad upang mapahinto ang matinding pananakit o upang masuri at magamot ang mga biglaan at seryosong mga medikal na problema. Ang mga pang-emergency na serbisyo sa ngipin ay maaaring para sa:

- Pagdurugo na hindi humihinto
- Masakit na pamamaga sa loob o paligid ng iyong bibig
- Pananakit ng ngipin o pananakit sa panga
- Mga pinsala sa iyong mukha o panga

?

- Impeksyon sa iyong gilagid o ngipin na may kasamang pananakit o pamamaga
- Pangangalaga pagkatapos na sumailalim ng operasyon (tulad ng pagpapalit ng bendahe o pagtanggal ng tahi)
- Isang nasira o nabungi na ngipin
- Pagpuputol o pagsasaayos ng mga alambre ng braces na nakakasakit sa iyong pisngi o gilagid

Upang malaman ang higit pa tungkol sa mga pang-emergency na serbisyo, pumunta sa: **https://smilecalifornia.org/common-questions-2/what-should-i-do-if-i-have-a-dental-emergency/.**

**Ano ang kailangan kong malaman?**

- Kung maaapektuhan ka ng pagbabagong ito, maaari mong gamitin ang iyong mga benepisyo sa ngipin ng Medi-Cal hanggang sa **Hunyo 30, 2027**. Simula sa Hulyo 1, 2027, hindi ka na magkakaroon ng buong saklaw ng mga benepisyo sa ngipin at maaaring matanggal sa pagkakatala sa iyong Medi-Cal Dental Plan (Dental Managed Care Plan).
- Kung mayroon kang emergency sa ngipin, maaari kang pumunta sa isang Medi-Cal na tagapagbigay ng pangangalaga sa ngipin para sa pangangalaga.
- Para makahanap ng dentista ng Medi-Cal na malapit sa iyo, pumunta sa **https://dental.dhcs.ca.gov/find-a-dentist/home**. O tumawag sa Medi-Cal Dental sa **1-800-322-6384**.
- Upang malaman ang higit pa tungkol sa Medi-Cal Dental, pumunta sa: **https://smilecalifornia.org/**.
- Kung magbago ang iyong katayuan sa imigrasyon, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng Medi-Cal sa county upang malaman kung maaari kang maging kwalipikado para sa mga serbisyo sa ngipin. Hanapin ang impormasyon ng tanggapan ng Medi-Cal sa iyong lokal na county sa: **dhcs.ca.gov/COL**.
- Para iulat na ikaw ay buntis o nasa loob ng 12 buwan pagkatapos na nagtapos ang iyong pagbubuntis, makipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng Medi-Cal sa county.
- Mapapanatili mo ang iyong mga benepisyo sa Medi-Cal Dental at ililipat sa Medi-Cal Dental Program (fee-for-service) para sa iyong buong benepisyo sa ngipin kung ikaw ay:
  - Buntis o isang taon na postpartum (pagkatapos ng pagbubuntis), at/o
  - Isang foster na bata/kabataan o dating foster na batang wala pang 26 na taong gulang na nasa pangangalaga ng foster noong iyong ika-18 kaarawan

**Malaman ang higit pa tungkol sa Medi-Cal Dental**

Para sa mga sagot sa mga tanong tungkol sa kung aling mga katayuan sa imigrasyon ang naaapektuhan ng mga pagbabago, basahin ang Mga Bagay na Madalas Itanong (Frequently Asked Questions, FAQ).

Gamitin ang iyong smartphone para mai-scan ang QR code sa ibaba o pumunta sa **https://www.dhcs.ca.gov/services/Pages/Medi-Cal-Dental-Benefit-Changes-Frequently-Asked-Questions.aspx**

**Para sa karagdagang tulong:**

- Tumawag sa Medi-Cal Dental Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. (maliban sa mga pista-opisyal ng Estado) sa **1-800-322-6384**. Libre ang tawag.
- Para sa mga katanungan tungkol sa pagiging karapat-dapat, mga benepisyo, at mga serbisyo, tawagan ang Medi-Cal Help Line Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. (maliban sa mga pista-opisyal ng Estado) sa **1-800-541-5555**. Libre ang tawag.
- Para sa tulong sa paggamit ng iyong mga benepisyo at sa pag-unawa ng iyong mga karapatan, magpadala ng email sa **MMCDOmbudsmanOffice@dhcs.ca.gov**. O tumawag sa **1-888-452-8609** (TTY: 711 para sa California State Relay), Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m., maliban sa mga pista-opisyal ng Estado. Libre ang tawag. O kaya, pumunta sa: **https://www.dhcs.ca.gov/services/MH/Pages/mh-ombudsman.aspx**.
- Para sa tulong sa pagpili ng mga planong pangkalusugan at plano sa ngipin, tawagan ang Medi-Cal Health Care Options (HCO) Lunes – Biyernes, 8 a.m. hanggang 6 p.m. sa **1-800-430-4263** (TTY: 1-800-430-7077). Libre ang tawag. O pumunta sa Medi-Cal HCO sa **www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov**.
- Para sa mga katanungan tungkol sa iyong plano sa ngipin, tawagan ang numerong nasa likod ng iyong Medi-Cal Dental Plan na card. Libre ang tawag.
- Upang malaman ang higit pa tungkol sa mga pagbabago sa programa ng Medi-Cal, pumunta sa: **https://www.dhcs.ca.gov/Medi-Cal/Pages/changes.aspx**.
- Para sa mga katanungan tungkol sa mga pagbabago sa mga sinasakop ng saklaw ng Medi-Cal batay sa katayuan sa imigrasyon, magpadala ng email sa **ImmigrationPolicy@dhcs.ca.gov**.
- Para mahanap ang lokal na tanggapan sa iyong county, pumunta sa: **dhcs.ca.gov/COL**.

Salamat,

Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan